# 1

"Sige na, Dad, payagan mo na ako. I want a new job. Being Edzel's secretary would give me that," pakiusap ni Guianette kay Atty. Guillermo Lopez. Sabado ngayon at magkakasabay na nag-aagahan ang mag-anak.

"Ano'ng bago doon? Legal secretary din naman kita." Hindi inaalis ng ama ang mga mata nito sa diyaryong binabasa.

"Daddy!"

Nangingiti lamang si Mrs. Katherine Lopez. May tatlong taon nang nagtatrabaho ang anak sa law firm na pinagsososyohan ng asawa nito at ng dalawa pa nitong kaibigang abogado. Nauunawaan ng ginang ang dalaga.

"Hinaan mo ang boses mo, Guia. Natutulog pa si Kent," sabi ng ama. Ang nag-iisa niyang kapatid na lalaki ang tinutukoy nito.

"Huwag na, Dad. Huli na," sabi ng pupungas-pungas na binata na naupo sa tabi ng ina. Walong taon ang agwat ng magkapatid sa isa't isa. "Ano'ng drama mo ngayon, Ate?" nang-aasar na tanong nito.

"Heh! Hindi kita kinakausap!" mataray na sagot niya rito. Nakita niyang nagngitian ito at ang kanilang mama. "Mommy naman. Tulungan mo nga akong magpaliwanag kay Dad," pakiusap niya.

"Sigurado na ba talaga si Edzel sa trabahong iyan?" tanong ng ina.

"Hindi naman niya io-offer sa akin kung hindi," tahimik na sagot ni Guia. True, in their five years of friendship, hindi pa siya ipinahamak ng binata. It always seemed to be the other way around.

Kaibigan niya si Edzel, kahit na karamihan sa mga kakilala at kaibigan nila ay iba ang impression sa kanila. Kapapasa lang nito sa bar exams. Ang boss nitong si Atty. Aldo Ramirez ay tuwang-tuwa sa binata. Dahil doon, ibinigay nito sa kanyang kaibigan ang isang alok na mahirap tanggihan: partnership sa law firm nito kung saan ilang taon na ring nagtatrabaho ang binata bilang certified public accountant. Tinanggap iyon ni Edzel not because it was the first offer he got, kundi dahil talagang kasundo nito ang matandang abogado.

Hindi alam ni Guia kung bakit siya ang unang inalok ng binata sa posisyon bilang sekretarya nito. Nagsasawa lamang siguro ito sa karereklamo niya na gusto niya ng ibang trabaho. How different could

she get?

"Totoo, Ate? Nasisiraan na talaga ng bait iyang si Kuya Edzel. Akalain mo, gusto kang maging sekretarya? Tingnan ko lang kung hindi ka niya sisantehin oras na may ma-misplace kang gamit," sabat ni Kent.

"On the side, Kent, magaling talagang sekretarya ang ate mo. That's why I'd hate to lose her in our company," sagot ng kanilang ama.

Hindi alam ng dalaga kung paano sasagot. Magaling talagang abogado si Atty. Lopez. Kung alam lang niyang matatali siya sa law firm nila, sana tinanggap na niya ang hamon nito na mag-abogado siya at bibigyan siya nito ng kalayaan na magtrabaho kung saan niya gusto.

"Please, Dad? Gusto ko namang maranasan na makapagtrabaho na hindi ako nag-aalala na may nagsasabing kaya lang ako naroon ay dahil tatay ko ang isa sa mga may-ari," argumento ni Guia. *At di ka laging nakabantay*, lihim na himutok niya.

"Mayroon ba? At kung mayroon man, alam mong hindi iyon totoo. I would not tolerate incompetence pagdating sa trabaho." Humigop ito ng kape, hindi pa rin tumitingin sa anak na dalaga.

Sinalubong ni Guia ang tingin ng ina sa kabilang panig ng hapag. Parang sinasabi nito na huwag na siyang sumagot.

"Dapat nga, Ate, matuwa ka pa. Aba, mahirap maghanap ng trabaho ngayon," agaw ni Kent sa tension na ngayon lamang nararamdaman ng dalaga.

Nakita niyang siniko ito ng mommy nila.

Finally, ibinaba ni Atty. Lopez ang diyaryo. Humarap ito sa kanya. "At ano naman ang sasabihin nila kapag naging sekretarya ka ni Edzel? Basta-basta ka na rin lang papasok doon. What would they think?"

"What do you mean?" Hindi niya kaagad nahagip na iba ang tono ng ama at nakita niyang tumaas ang kilay nito. "Dad! Kaibigan ko lang si Edzel."

"Diyan nag-uumpisa 'yan..." tudyo ni Kent na maganang kumakain ng agahan.

"Kent," marahang saway ng matandang lalaki bago ibinalik sa kanya ang atensyon nito. "Ano ba talaga ang relasyon ninyo?"

"Mommy!" Humingi ng tulong sa ina ang dalaga pero nagkibit-balikat lang ang una. Si Kent naman ay parang hindi ininda ang pananaway ng ama at

nangingiti pa habang nakatungo. "Dad, wala kaming relasyon ni Edzel. Magkaibigan lang talaga kami. Ilang beses ninyo na bang naitanong sa akin iyan?"

"Sasabihin mo na namang may girlfriend siya, ganoon ba?" anito.

"Mayroon nga."

"Ano'ng pangalan?" paniniguro ng abogado.

"Ho? Hindi ko alam. Bago ang nobya niya ngayon, eh. Hindi pa niya naipapakilala sa 'kin."

"Siguradong maganda ang girlfriend ni Kuya Edzel. Pareho kami ng taste n'un, Dad. Walang appeal sa amin ang mga kagaya ni Ate," sabat ni Kent."Isa pa, napakaguwapo niya para kay Ate."

Parang walang narinig sina Guia at Atty. Lopez.

"Sige na, Dad, payagan mo na ako."

"I trust you, Guia. Huwag mo akong bibiguin," tanging sabi nito.

Parang biglang nagkaroon ng pakpak na tumayo siya at yumakap sa ama para magpasalamat sa pagpayag nito.

---

Halos liparin ni Guia ang mga baitang ng hagdanan sa condominium na tinitirhan ni Edzel. Nilalakad lamang niya ang pagpunta sa gusali galing sa bahay nila. Hindi na siya nakapaghintay na bumukas ang elevator kaya ginamit niya ang hagdanan. Sobrang excited siya.

"Edzel, alam mo ba—" Parang itinulos ang hinihingal pang dalaga sa pagkakahawak sa pinto ng unit ng kaibigan. May kahalikan ang binata sa sofa. OA na tinakpan niya ang mga mata at tatalikod na sana nang hindi nagpapasintabi, pero alam niyang nakahuma na si Edzel at nakalayo na ito sa kaulayaw. Naagapan nito ang pagsasara niya ng pinto. Dapat talaga ay aalis na siya.

"Come in, Guia. Damage has been done," naiiling na sabi ng lalaki. Sigurado siyang nangingiti ito sa namumula niyang hitsura. He never seemed to take anything against her, ever. Oo, pinapaiyak siya nito, nakakapikon din minsan, pero hindi pa nito sinadyang saktan siya kahit kailan.

She held up her two hands, making peace signs. Pero tumanggi pa rin siyang mag-angat ng tingin sa binata.

"Hi," sabi niya sa babae na matalim ang tingin sa kanya. Hindi niya alam kung magso-sorry o

kung dapat pa ba siyang magsalita ng kahit ano. Napakaganda ng babae. Parang modelo. Edzel's type, sabi nga ni Kent.

"Guia, girlfriend ko, si Geraldine. Geraldine, si Guia, kaibigan ko," pakilala ni Edzel na inalalayan pa siya sa pag-upo. Gentleman talaga ito pero hindi naman nito dating ginagawa iyon. Kapag kumakain sila sa labas, oo. Pero sa condo unit nito, ngayon lang. Ang tukso nga ng mga kaibigan nila, parang bahay na raw niya ang tinutuluyan ng lalaki.

---

Pinagmasdan ni Edzel ang nobya habang nakatingin ang huli sa babaeng kapapasok lamang. One look at alam niya kung ano ang tumatakbo sa utak nito. But unlike their friends na parang inaasam pa na magkatuluyan sila ni Guia, natural lamang na taliwas doon ang gusto ni Geraldine.

Ang inaayaw lang niya ay kung paano nito hinagod ng tingin si Guia. At sigurado rin siya na katulad ng iba pa niyang naging nobya, nabura na ang lahat ng kumpiyansa ni Geraldine sa sarili pagkakita nito sa kaibigan niya. Hindi niya ito masisi. But Geraldine was a fair competition.

"Filipino ka ba?" tanong nito kay Guia.

Pamilyar kay Edzel ang linya. Hindi si Geraldine ang unang nagtanong tungkol doon. Karaniwan nga, kapag may lumalapit sa dalaga, nagugulat kapag nagsalita ito ng Tagalog. It must be Guia's peaches-and-cream complexion that made her look like a foreigner. And girls would kill for her skin. Yeah, beauty must be indeed skin-deep.

"Oo. Bakit?" inosenteng tanong ng dalaga.

Matagal bago sumagot ang girlfriend ni Edzel. "Maganda kasi ang kulay ng mga mata mo… bihira sa mga Filipino ang magkaroon niyan."

*Strike one, mali pala ako*, he mused.

"Sinabi ni Mommy, ipinaglihi niya raw ako sa manika. Pero hindi ako naniniwala. Kasi iyong manikang pinaglihian niya, kulay blue ang mata," parang batang kuwento ni Guia.

Sa totoo lang, pinakaayaw ni Edzel ang mga mata ng kaibigan. Pakiramdam niya ay kaya siyang tunawin ng mga iyon kahit pinagbibintangan lang siya sa kasalanang hindi pa niya ginagawa.

"Kakulay ba ng buhok mo ang buhok ng manikang iyon?" Geraldine could not fail to notice Guia's rare blue-black hair na lampas baywang.

“Blonde nga, eh. Ang suwerte ko siguro kung nagkataon.” Tumawa pa ito at hindi naiwasan ni Edzel ang humalakhak sa pagkakataong iyon.

Minemenos pa ni Guia ang sarili nito gayong halos maglupasay na nga ang girlfriend niya!

Nakita niya ang tingin na ibinato sa kanya ni Geraldine at umayos siya. Parang nakahalata naman si Guia at wala sa loob na naidaan ang isang hugis-kandilang daliri sa perpekto nitong kilay. But right now, his girlfriend was looking at Guia’s long and flawless legs. Naka-skirt and matching blouse ito, her usual attire.

Matagal na silang magkaibigan ng dalagang Lopez at sanay na siya rito. Hindi lang niya sinasabi rito, pero ilang babae na ang nagdaan sa kanyang buhay na hindi niya matagalan ang walang basehang pagseselos oras na nakita na ng mga ito si Guia. Magaganda rin naman ang mga ito. At naniniwala rin siyang hindi sukatan ng kagandahan ang panlabas na anyo.

Oo, iba ang trato niya kay Guia. Hindi biro ang limang taon na pagkakaibigan nila. At ang dalaga ang pinagsasabihan niya ng malulupit niyang sekreto sa buhay. Ipagtatapat din naman niya ang mga iyon sa kanyang nobya… kung tatagal ang relasyon nila.

Hindi pa niya masabi kung silang dalawa ni Geraldine ang magkakatuluyan dahil kailan lamang sila naging magnobyo.

"Napasugod ka?" tanong ni Edzel na para bang hindi iyon dating ginagawa ni Guia.

"Oo, wrong timing. Babalik na lang ako," sagot niya. "Sorry talaga," aniya na sa babae nakatingin. Ni hindi pa niya magawang bigkasin ang pangalan nito. Isang kiming ngiti ang ibinigay niya rito, pero hindi man lang iyon tinugon ni Geraldine. Mas gusto pa niya kung pinabayaan na lang siyang umalis ni Edzel.

Pero ano nga naman ang iisipin ng girlfriend nito?

"Nonsense," sagot ng binata. "You might as well be good friends. You don't mind, do you, Geraldine? After all, kaibigan ko rin si Guia."

Nakita ni Guia na hinagip ni Edzel ang kamay ng kasintahan. And she saw the smug look on the other girl's face. Lihim siyang napabuntong-hininga. Lagi na lang ganito. Kung hindi lang niya pinapahalagahan ang pagkakaibigan nila ni Edzel, matagal na siyang sumuko. Pero talaga yatang iyon ang hinihintay ng tadhana na gawin niya.

Hindi sumagot ang babae. "Ihatid mo na 'ko," sa

halip ay sabi nito kay Edzel na para bang wala siya roon.

"Okay." Tumayo na ang binata. Hindi nito nakita ang pag-asim ng mukha ng nobya nang tumayo rin ito.

Nagtaka si Guia. Hindi ba iyon naman ang gusto ni Geraldine? O umaasa ba ito na magpupumilit si Edzel na manatili muna ang kasintahan sa condo unit? She would live to see the day. One thing Edzel did not know was to read between the lines. Siya ang taga-translate ng lengguwahe ng mga babaeng nagpaparamdam dito. Dapat ay alam iyon ni Geraldine. Kung gusto pa nitong magtagal sa unit ng lalaki, dapat iyon ang sinabi nito.

*At dapat sinabi niya kay Edzel na paalisin ako*, naisaisip niya. Paano naman kaya kapag pinalayas siya ng kaibigan? Lihim na napailing, tumayo na rin siya.

Napalingon si Edzel sa kanya. Papunta ito sa kuwarto nito upang kunin ang susi ng kotse nito. "S'an ka pupunta?" Dalawa ang kuwarto sa unit. Ang isa ay ginagamit na library ng binata at may divan doon na pahingahan.

"Sasabay na ako pagbaba," aniya na nilingon ito

mula sa pagkakatayo sa cushioned seat. Sa tapat ng ka-partner ng sofa ay nakatayo ang nobya ng binata.

"Maiwan ka dito. Mag-uusap pa tayo. Sandali lang ako," anito bago tuluyang pumasok sa silid.

Nakita niyang sinabayan siya ni Geraldine sa muling pag-upo. Bago pa ito nakapagtanong sa ginawi ng nobyo, nakalabas na si Edzel mula sa kuwarto nito at nauna pang nakarating sa pinto ng unit.

"Halika na," aya nito sa nobya.

Tumayo na rin si Guia na para bang siya ang may-ari ng unit at dinalaw siya ng dalawa. Lumapit siya sa pinto.

"Huwag kang papasok sa library. Nagliligpit ako kaya magulo." Nagtaas siya ng kilay. "Kung gusto mong magpahinga, doon na lang sa kuwarto ko." Ngayon ay napakunot na ang noo niya. Hindi niya alam kung narinig ni Geraldine ang sinabi ni Edzel. "I-lock mo ang pinto," bilin pa ng lalaki. Sukat doon ay nangiti siya.

*Iyon dapat ang ginawa mo*, sabi ng mga mata niya sa binata. She carelessly but affectionately punched him in the jaw. Lihim siyang napangiwi; hindi niya dapat ginawa iyon. Nakita niya ang apoy na gumuhit sa mga mata ni Geraldine. Oblivious naman si Edzel.

Naisip tuloy niyang lalayu-layo muna siya sa kaibigan mula ngayon.

# 2

First time niyang makapasok sa kuwarto ni Edzel nang magkasakit ito. That was years ago pero nag-alala talaga siya. Di kasi normal sa binata ang lagnatin o dapuan ng anumang karamdaman. Hindi naman niya sinamantala ang pagwasak sa privacy nito simula noon. Pumapasok lang siya sa kuwarto nito pag kailangan. O kaya pag may iniuutos itong kunin doon. At kapag may permiso nito. Kagaya ngayon.

Hindi niya alam kung bakit parang binibigyan pa ni Edzel ng grounds ang nobya para hiwalayan ito. And he was deliberately misleading Geraldine about them…

Napangiti si Guia pagpasok sa kuwarto. *What a neat freak*, naisip niya tulad ng dati.

Napatingin siya sa poster na nakalatag sa sahig. Paluhod siyang naupo upang pagmasdan iyon. Nanlaki ang kanyang mga mata. Si… Edzel?

The man in the picture was considerably younger, pero hindi maipagkakamaling si Edzel iyon. From the lithe body, the dark locks of hair that nearly cover his ebony eyes, the complexion na hindi maputi at

hindi rin matatawag na dark, si Edzel nga ang nasa poster na yari sa synthetic material. Naka-side view ito, wearing a martial arts uniform and a black belt, in an eye-catching karate stance.

*Ang tangos ng ilong niya*, aniya sa sarili. For effect, parang basa ng pawis ang natural na makintab na buhok ng binata and it made him look more attractive, more… sexy? Nakataas ang kamay nito, in a fighting stance, and she unconsciously touched the lean long fingers on the poster. Sigurado siya, Edzel would smell good even after a karate match o pagkatapos ng kahit anong exercise. He always did.

Iaangat sana ni Guia ang poster nang mapansin na dalawa iyon. Balak niyang tingnan kung pareho lamang ang nasa ilalim and surprise, surprise! Iba ang poster na iyon. This time, obvious na ang imported jeans ang ina-advertise ng lalaki. He was shirtless… and definitely sexy. Sinabi nito sa kanya na pinagbigyan nito ang modeling project ng isang kaibigan ng tiyahin nito sa States. Hindi lang niya akalain na sineryoso pala nito ang trabaho.

Mag-isang naninirahan ni Edzel sa condo unit dahil nasa ibang bansa na ang mga magulang at mga kamag-anak nito. May sari-sariling pamilya na rin ang mga ito.

Ang tanging kapamilya na ipinakilala nito sa kanya ay ang matandang dalagang tiyahin nito pati na ang lola nito sa ina. Nakatira ang mga ito sa Tagaytay noon. Nang matanggap si Tia Evita sa Australia bilang nurse, doon na ito nanirahan at nang lumaon ay nakapag-asawa pa. Naiwan sa Pilipinas ang ina nito na pagkatapos ng ilang taon ay pinetition na rin nito upang sa Australia na rin tumira. Si Edzel ay pinapadalhan ng financial support ng mga magulang at maging ng tiyahin nito. But even without that, sigurado siyang marangya pa ring makakapamuhay ang kaibigan dahil sa trabaho nito.

"Hey, hey… nakakalat pa nga pala iyan," anang tinig sa kanyang likuran na bahagya niyang ikinagulat. Kinuha ni Edzel ang poster mula sa kanya at inirolyo iyon.

"Hey yourself, poster boy," tukso niya. "I'm really glad pumasok ako sa kuwarto mo." Abot-tainga ang ngiti niya.

Sa kanyang pagtayo ay hindi niya inasahan na bigla siyang mahihilo and she felt herself sway. Akala niya ay babagsak siya nang patagilid sa sahig, pero maagap ang mga braso ng binata na umalalay sa kanya.

"Salamat," aniya na tumingin sa magagandang

mata nito. She did not fail to notice how long his dark lashes were. Matangkad ang kaibigan kaya nakatingala siya rito. "Ano'ng gagawin ko kung wala ka?"

"I'll never leave you, unless kailangan na," sabi ni Edzel. Inalalayan pa siya nito paupo sa kama at walang hirap na inilagay ang poster sa ibabaw ng aparador nito.

"Kailangan na? You mean, kapag nag-asawa ka na o nagka-girlfriend na sobra talagang selosa?" Hindi naman siya iniiwan ni Edzel kahit may nobya ito. She never bothered to ask about it.

"No. I mean kapag may boyfriend ka na o nakapag-asawa," anito na naupo sa tabi niya. "I'm sure, mauuna ka."

"Uh-huh. Sino kaya ang laging attached?" tanong ni Guia. Binale-wala niya ito nang mahiga ang binata sa kama. "Aray!" daing niya nang higitin nito ang dulo ng buhok niya. "Bumangon ka nga diyan. May good news ako sa iyo. Pero bago iyon, sorry talaga kanina…"

Tumawa si Edzel at itinuon ang isang siko sa kama kaya bahagya itong nakabangon. "How sorry?"

"Sorry enough to pry. Gustung-gusto mo talaga

siguro siya para iuwi siya rito," sabi niya.

"Correction. Gustung-gusto niya siguro ako para puntahan ako rito."

"The nerve! Grabe, Edzel, hindi ko alam na napakayabang mo pala! Tell me, ilan na ba silang naiuwi mo rito?" Itinaas niya ang mga binti mula sa pagkakaupo.

"Ikaw pa lang ang iniuwi ko dito," sagot nito na itinuon pa ang isang daliri sa kanyang noo.

"After that scene in the living room, hindi ko alam kung paniniwalaan pa kita." Pumikit pa siya for effect, as if the image burned in her memory at sa halip na mag-blush ay napahalakhak siya.

"Hah! Miss Prude finally grew up para i-discuss sa akin ang mga ganitong bagay. Who's the unlucky guy?" Bumangon ito mula sa kama. Dahil hindi pa siya tumitigil sa pagtawa, sa pagkilos nito ay napasubasob siya sa higaan.

"Ano ba?" reklamo ni Guia. Lalamunin siya nang buhay ng malambot na kama ng lalaki.

"Really, Miss Prude, hindi na ako nagtataka. Kahit patag, tumataob ka at take note, hindi ka naka-heels. Natatakot talaga ako 'pag hindi tayo magkasama,"

naiiling na dagdag nito. Naupo ito sa isang silyang naroon.

"Kung iyon lang, huwag mo na akong alalahanin. Kaya ko ang sarili ko," mataray na sagot niya. "And I am not a prude." Fashionista yata siya.

Nakalabing bumangon si Guia at naupo sa kama.

Sinipat siya nito mula sa mga binti niya na nakalawit sa gilid ng kama at sa pleated beige skirt na umakyat ng tatlong pulgada mula sa mga tuhod niya. Napailing ito.

"Bili ka nang bili ng mga damit na kulang sa tela," komento ng lalaki. It was one way of telling her na maikli ang kanyang suot.

"Now who's being stuffy? Edzel!" biglang sigaw ng dalaga na tumayo at parang gustong magtatatalon.

"Sige, lakasan mo pa! Tingin ko hindi ka pa narinig ng tatay mo sa subdivision ninyo. Gusto mo yata talagang makatuluyan ako," biro nito.

He could never figure out Guia for the life of him. Parang direksyon ng ipo-ipo kung magpalit ang interes ng babae.

"Edzel," pigil-hiningang ulit niya, "pinayagan na ako ni Daddy na magtrabaho para sa iyo…" Naupo

siyang muli sa kama. Hinihintay niya ang reaksyon ng binata. Saglit na katahimikan ang namayani sa kanila.

"Akala ko ba good news?" seryosong sabi nito.

Hinampas niya ito ng unan. Gumanti si Edzel at nasapul siya sa mukha.

# 3

"Ito ba ang legal secretary na sinasabi mo, Edzel?" Nakatingin sa kanya ang matandang lalaking nagtanong bagaman si Edzel ang kinakausap nito. Isang linggo nang nakapagsimula si Guia bilang secretary ng binata at ngayon lamang niya nakita si Atty. Ramirez. "Naiintindihan ko na ngayon kung bakit ayaw mong humanap ng iba," dagdag nito na ngumiti pa sa kanya.

"Good morning, Sir," bati ng dalaga. Tumayo siya at lihim na napabuntong-hininga. Isa na naman sa mga biktima ng false first impressions tungkol sa kanilang dalawa ni Edzel. They were so used to it para laging i-correct ang mga nagkakamali ng akala sa kanila.

"Oh, do sit down. Iniisip mo siguro na ahente ako ng kotse. I'm Atty. Aldo Ramirez. I now share this firm with that brilliant lawyer behind you," sagot nito. "At maliwanag pa sa sikat ng araw kung bakit tinanggap ng lalaking iyan ang offer ko," nanunudyong dugtong nito.

Tumango si Guia bagaman nalilito sa narinig. Nasa abroad si Atty. Ramirez nitong nagdaang mga

araw kaya hindi ito nakita ng dalaga sa unang araw ng pagtatrabaho niya para sa kaibigan. Si Edzel na ang nag-introduce sa kanya sa iba pang empleyado sa law firm na iyon. Ang naging malapit sa kanya ay si Janine, ang executive secretary ng firm na pamangkin din di-umano ni Atty. Ramirez.

Janine was twenty-eight years old and happily married. Maganda ito at matangkad. She was no doubt, very efficient.

Iilan lang sila sa office. Noong unang araw ni Guia ay napansin niya ang makintab na gold plate sa labas ng opisina; *Ramirez, Dela Vega and Associates Law Office.* Dalawa ang accountants.

Ang isa ay ang pumalit kay Edzel two years ago simula nang mag-concentrate ang binata sa pag-aaral ng Law at pag-review para sa bar exams. Parehong lalaki ang nasa accounting department. May dalawa pang junior staff, mga graduates ng Political Science. Naka-assign ang mga ito sa records at routine business correspondence. Ang chief accountant ang pinaka-HR kaya hindi gaanong mahigpit sa attendance. Maayos ang suweldo kaya walang problema sa aspetong iyon.

"And I thought I was being discreet," sagot ni Edzel na nakaupo sa swivel chair nito. "Kilala mo pala ako."

“He did not resist my offer dahil kasama sa package na puwedeng pumili si Edzel ng sekretaryang gusto niya. Hindi ko siya masisisi,” naiiling na sabi ng matandang abogado na mabait na tumingin muli sa kanya.

Ngumiti lamang si Guia. Pakiramdam niya ay parang ama niya ang nagsasalita. Naiintindihan na niya ngayon kung bakit gustong magtrabaho ni Edzel dito. Ayon sa kaibigan, ninong nito ang matandang abogado. Pero alam niyang hindi iyon ang primerong dahilan kung bakit doon nito piniling ipagpatuloy ang career nito.

“On the contrary, Atty. Ramirez, pakisabi na rin sa sekretarya mo na huwag munang itabi ang files ng mga applicants for legal secretary noong nakaraang buwan,” sabi ni Edzel na nag-angat ng tingin buhat sa laptop nito. Napansin kaagad ni Guia ang propesyonal na turingan ng dalawang lalaki. Hindi na siya nagtataka. Maging sa opisina ng ama ay hindi niya ito tinatawag na ‘Daddy.’

Ibinato niya sa binata ang bagay na unang nahagip ng kamay niya, ang steno notebook. Kanina lang ay pinipintasan siya nito dahil sinabi niyang wala siyang alam sa stenography. Pero mabilis naman siyang magsulat. Sinalo nito ang notebook at itinapat

sa dibdib nito saka umarteng nasaktan. Sa halip na mainis ay napatawa siya.

Tumikhim si Atty. Ramirez at naalala niyang nakatayo pa pala ito sa pintuan. "Sorry po, but he really gets on my nerves sometimes."

Ngumiti lamang ang abogado at lumayo na. Iniwan nito ang pinto na sadya namang nakabukas.

---

Tuwing sabado, kung wala rin lang overtime job sa opisina, nag-aayos si Guia ng mga abubot sa kuwarto. Nagtutupi siya ng mga lumang damit nang mahagip niya ang photo album na matagal na niyang hindi nabubuksan.

Pagkasalansan ng mga damit sa drawer ay dinala niya ang album sa kanyang kama at dumapa. Inalis niya ang takip na karton. Sa gilid ng album ay may natuyong bulaklak na puti. Rosas iyon.

Galing iyon kay Edzel. Ibinigay nito sa kanya ang long-stemmed rose nang i-celebrate nila ang kanilang fifth year as friends.

*Buhay pa pala ito*, naisip niya. Kunsabagay, iniingatan naman niya talaga ang lahat ng bagay na binigay ng binata.

Binuklat niya ang album. Sa bungad niyon ay ang malaking picture ng college graduation niya kung saan lingid sa kanya ay dumalo ang kaibigan.

Nakakatawa. Nalaman na lang niyang nandoon pala ito sa okasyong iyon nang mamataan niya ito noong pag-akyat niya sa stage. Ang binata pa ang nakaalalang magdala ng camera. Ang mommy at daddy lang niya ang kasama sa graduation dahil si Kent ay nagbabakasyon na noon sa mga grandparents nila.

Ang yakap niya ngayong stuffed toy ang regalo nito.

Bumangon si Guia at naupo sa kama. Nilingon niya ang litrato na nakapatong sa kanyang dresser. It was almost the same shot, magkatabi sila at nakaakbay sa kanya ang nakangiting binata. In one picture, she was looking up at him, pero ang kopyang iyon, hiningi ni Edzel sa mommy niya. Ayon kay Mrs. Lopez, mas sweet daw ang kuha na iyon. Huh? Hindi nga nakangiti ang kanyang kaibigan doon; parang naka-side view pa dahil bahagyang nilingon siya.

Nang minsang buksan ni Edzel ang closet sa kuwarto nito, nakita niyang naka-pin doon ang picture.

Five years. Hindi niya akalaing magiging malapit sila ng lalaki. Si Lorenzo naman talaga ang crush niya. At ang dalawang lalaki ang talagang magkaibigan. Nagkakilala sila sa *5th Ave. Café*, ang internet shop na pagmamay-ari ni Lorenzo. Doon sila madalas magkita ng mga kaibigan niyang sina Jade at Laney...

---

Five years ago...

"Guia, coffee. It's on the house," sabi ni Lorenzo Agoncillo na may matamis na ngiti sa mga labi. Maputi ang lalaki, wavy ang buhok at maganda ang brown nitong mga mata.

Hindi gusto ni Guia ang lasa ng kape, pero kapag ganitong galing kay Lorenzo, kaya niya yata iyong lunukin nang isang tunggaan kahit sobrang init.

"Salamat," she breathlessly said, hindi pa rin nawawala ang ngiti sa mga labi. *Wow, napansin niya ako!* Tumalikod na ang binata.

She was sipping her drink nang maramdaman na parang may nanonood sa kanya. She must have looked so foolish. Obvious ba sa nagmamasid na may kursunada siya sa owner ng café? Nilakasan niya ang loob at pasimple siyang naghanap kung may nakatingin nga sa kanya.

*Bingo!* Her heart stopped. She saw a pair of cold penetrating eyes. Saglit na nag-lock ang kanilang mga paningin. Dalawang upuan lamang ang layo ng lalaki buhat sa stool na kinapupuwestuhan niya. Sa harap nila ay ang mahabang counter kung saan ipinapatong ang order ng mga customers na gustong maupo roon o kaya naman ay mamili sa mga booths sa loob ng café. Guia was sure, nagkita na sila. A face like him was not common, he was too handsome to be ordinary. But not her type, she hastily added.

"Edzel, kanina ka pa? Hindi kita napansin, ah," bati ni Lorenzo na lumabas galing sa likod ng counter. Kaibigan pa yata ng crush niya ang lalaking iyon.

Ang alam ng dalaga ay parang mini-office-cum-living room ang pinanggalingan nito. She learned from a friend na malapit lang dito ang bahay ni Lorenzo, at nilalakad lang itong café mula sa bahay nila. Kabubukas lang nito around three months ago, at sa unang pagkakataon na tumapak siya roon ay ipinakilala siya kay Lorenzo ng kaibigan niyang si Jade. That time ay nag-break down ang ever unreliable niyang personal computer at pansamantala siyang nag-rent sa internet café.

Napakamahal ng per hour ng computer use para putaktihin ang lugar ng mga batang nagka-

cutting classes. Usually, mga yuppies sa mga malapit na establishments o katulad nilang estudyante ang naroon.

"Busy ka masyado, eh," sagot ng lalaki at tumingin sa kanya. Namula siya. Pinaparinggan ba siya nito? Napahiya rin siya na nahuli siya nito habang nakatitig dito. Napansin ni Lorenzo ang pagtitigan nila ng lalaking tinawag nitong Edzel.

Tinawag siya nito at parang nahipnotismo na lumapit siya sa binata. Pagtingin niya kay Edzel ay napakagat-labi ito na parang pinipigil ang isang nakakainsultong ngiti. Nakita niyang nailing pa itong bahagya.

"Guia, this is Edzel. Edzel Dela Vega, my very good friend. Edzel, this is Guia. Guia…"

"Guia Lopez," salo niya. Hindi pala nito alam ang apelyido niya. Mula kay Lorenzo ay napatingin siya sa lalaki sa kanyang harapan. Mukhang naiinip na ang kamay nitong nakalahad. He was not smiling, but his eyes said it all. Again, she felt stupid. Inabot niya ang kamay nito. And again, her heart stopped.

"Cold hands, warm heart," komento ng binata na binitawan kaagad ang kamay niya. "Sit down," sabi nito. Nakatingin si Guia kay Lorenzo at nakangiti ito,

na para bang compliment ang sinabi ng kaibigang kapapakilala lang.

"Privilege iyan, wala pang kinausap na babae si Edzel na nagtagal nang sampung segundo," anito.

"Wow, I'm flattered!" may pagkamalditang sabi ni Guia. Napansin niyang tumalim ang mga mata ng katabi. She sat down.

"Excuse me," ani Lorenzo nang tumunog ang telepono. "Sa loob ko na lang sasagutin ang tawag." Naiwan silang dalawa ni Edzel.

"Ilang taon ka na?" tanong nito.

*Ano 'to, twenty questions?* naisip niya. "Eighteen. Ikaw?"

Sa halip na sumagot ay napahalakhak ang lalaki. "My, my… sweet, smooth, sharp… eighteen," tanging sabi nito. Pakiramdam ni Guia, nasa candy commercial sila at siya ang candy na dini-describe nito.

"Ano'ng nakakatawa?" naiinis na sita ng dalaga.

"Ikaw," balik nito.

"Listen, hindi kita kilala kaya wala kang karapatang insultuhin ako."

"Akala ko na-introduce na tayo? And by the way, I'm twenty-two years old. CPA by day, Law student by night, kung interesado ka," he acidly retorted.

"Hindi ako interesado," matabang na sagot niya, appalled by the guy's coldness.

"Alam ko. I figured it out nang habulin mo ng tingin ang kaibigan ko. And this is not the first time." Hindi alam ni Edzel kung bakit nabahiran ng disgusto ang tinig nito.

Namula si Guia. How long had he been watching her? Pamilyar nga ito. Pero imposibleng hindi niya ito napapansin noon…

"You were too busy watching him para mapansin ang mga tao sa paligid mo," sabi nito na parang nababasa ang isip niya. "Don't take it too bad. Dumadaan lang naman ako. No more than a couple of minutes. Pangatlong beses pa lang ito. Everyone's entitled to a puppy love," he added.

"I bet yours was worse," bato niya. If her face was a deep shade of red, sigurado siyang dahil na iyon sa inis sa kaharap. Guwapo sana ito, kung hindi lang antipatiko. At hindi niya akalain na naamin niya rito ang hindi masabi sa mga kaibigan—na may gusto siya kay Lorenzo.

“Oh, no. I’m the exception,” confident na sagot nito. “Kung walang gusto sa akin ang isang tao, hindi ako magtitiyaga.”

The beast! Ngayon lang sila nagkakilala at di man lang nahihiya na tratuhin siya nang ganoon? Hindi naman siya naghahabol kay Lorenzo, ah. Masama ba ang humanga?

“May serious girlfriend si Lorenzo. Just don’t be a fool over him, okay?” paalala nito.

Hindi niya alam kung alin ang mas masakit, ang nasaling niyang pride o ang katotohanan. “I hate you,” marahang sagot ni Guia. Tumayo na siya buhat sa upuan.

“You’re welcome,” anito na itinuon na ang pansin sa kung anumang iniinom nito kanina.

Nasa glass doors na siya nang café nang marinig niyang tawagin siya nito.

“Guia!” He had such a deep, powerful voice. And it felt so familiar. Hindi niya alam kung bakit. Nagkita na ba talaga sila? Lumingon siya at nakita niyang lumalapit ito habang hawak nito ang coffee cup.

“Naiwan mo. Hindi mo talaga gusto iyan, right?” How could he read her so easily?

Hindi niya kinuha ang iniaabot nito at sa halip ay walang-imik na lumabas siya ng internet café.

---

Simula noon, tuwing papasok si Guia sa café, ang una niyang inaalam ay kung naroon si Edzel. Kapag natataon na nauna sa kanya ang binata, kunwari ay mag-oorder lamang siya ng soft ice cream for takeout at hindi na rin magtatagal. Minsan tuloy naiisip niya kung dumadaan lang ba siya para alamin kung naroon ito.

Mas mahirap kapag naroon na siya at saka naman ito darating. Ever since their first conversation, hindi na rin ito nag-abalang kausapin pa siya ulit. Kapag magkasama sila sa iisang lugar, halos mahawakan niya ang kuryente sa ere na tila naroon. Wala namang kinakausap sa café ang lalaki kundi si Lorenzo lang.

"Super wow! Sino iyan?" tanong ng kaibigan niyang si Jade nang pumasok ang isang lalaki sa glass doors ng cafe. Hindi umimik si Guia.

"Ang guwapo naman. Sana dito siya maupo," napakagat-labi pang hiling ni Laney.

*Subukan lang niya*, naisaloob niya. Ang dami pa kayang bakanteng booth.

Nakita niyang kinausap ng lalaki si Lorenzo at napahinga lamang siya nang malalim. Mukha namang gaya ng dati ay wala itong ibang papansinin.

Bakit ba nag-aaksaya pa siya ng panahon na isipin ito? And why did it matter so much what he thought of her?

Itinuon na lamang ni Guia ang sarili sa pakikipag-usap sa mga kaibigan. Mayamaya pa ay nakikipagtawanan na siya sa mga ito. A while later, nagpaalam ang katabi niyang si Jade na pupunta sa CR. Naiwan sila ni Laney.

Nang akala niya ay bumalik ang kaibigan, nag-angat siya ng tingin. Pero iba ang nakatayo sa gilid ng upuan niya.

"Hi," bati ni Edzel. After two weeks, nakipag-usap ito.

Kahit di siya nakatingin, alam niyang nanlalaki ang mga mata ni Laney sa interes.

"Puwede bang makiupo?" tanong ng binata. Hindi alam ni Guia ang sasabihin.

"Sure," maagap na sagot ni Laney. Niluwagan pa ng dalaga ang space sa tabi nito, pero sa seat ni Guia naki-share si Edzel. Laney was nonetheless rewarded

by a radiant smile.

Nang bumalik si Jade galing sa CR at nakisakay sa pag-uusyoso ni Laney, lalo siyang naumid sa tila familiar na pakikitungo ng dalawa kay Edzel na para bang hindi noon lang nakilala ng mga ito ang binata. Pero ang dalawang babae lang ang salita nang salita. Karaniwang monosyllables ang sagot ng lalaki.

"Paano kayo nagkakilala?" Si Jade ang kilig na kilig na nagtanong.

Hindi niya maintindihan, pero gusto niyang kay Edzel manggaling ang version. So, he told them... minus the bangayan details. At parang hihimatayin ang dalawang kaibigan niya na parang gustung-gustong tumili.

Pinagmasdan ni Guia ang binata; the way he treated her friends, na para bang anghel ito sa kabaitan, naisip niya kung sa kanya lang ba ito parang naaasar. Pero sa totoo lang, sa ginawa nitong 'pagbibigay' sa mga kaibigan niya, gumaan kahit paano ang loob niya kay Edzel.

"Gumagabi na. Malapit lang ba ang inuuwian ninyo rito?" tanong ng lalaki sa mga kaibigan niya.

"Oo. Shucks, Guia! Mapapagalitan ako ni Mama," himutok ni Jade na animo ay nakalimot sa oras, pero

tila wala pa ring balak tumayo.

"Sa malapit ka rin ba nakatira?" tanong naman ni Laney sa binata na parang hindi inaalala ang istriktong tatay nito.

"Oo. Diyan sa condominium sa kabila," pagpapaunlak ni Edzel.

*Malapit lang pala talaga*, naisip ni Guia.

"Uuwi na kami," sensible na sabi ni Laney.

"Okay lang ba kung hindi muna sumabay si Guia sa inyo ngayon? May itatanong pa kasi ako sa kanya," sabi nito na ikinatulos ng dalaga sa upuan. Tatayo na sana siya.

Tumingin sa kanya sina Laney at Jade na may halong inggit at pagbabanta. Parang sinasabi ng mga mata ng dalawa na sinolo niya si Edzel at hindi nagbigay ng impormasyon kung hindi pa lumapit ang binata kanina.

"Ganoon ba? Ayos lang siguro kasi iba naman ang daan niya," ani Jade na halatang gusto lang pigain si Edzel kung tungkol saan kaya ang sasabihin nito sa kanya.

"Don't worry. Ihahatid ko siya," nakangiting sagot nito.

“Oh, we’re not worried, ikaw naman,” sabi ni Laney na parang matutunaw sa inaakalang sweetness ng binata sa kanya. “Ingatan mo siya, ha, Edzel?” bilin pa nito.

“With my life,” sagot nito.

Sa totoo lang ay kinakabahan si Guia. This time, kapag pinagsabihan na naman siya ni Edzel tungkol kay Lorenzo, baka maiyak na siya sa harap nito. Please, not after this episode simula nang magkakilala sila.

She was really beginning to like him. *Teka nga, like him?*

Nang makaalis ang mga kaibigan niya ay natahimik silang dalawa. Lumingon si Edzel sa gawi ng counter at sinundan ni Guia ang direksyon ng mga mata nito. Naroon si Lorenzo at kumakaway sa kanila. Namula ang dalaga at napasandal siya sa upuan, but she was certain na hindi iyon dahil sa atensyon na galing sa may-ari ng café. It was her being caught by him with Edzel.

Marahang tumawa ang kasama sa mesa at napasimangot siya. Parang nahuhulaan niyang iniisip pa rin nito ang pagkabaliw niya sa kaibigan nito. Pero nang tumingin ito sa mga mata niya, wala siyang

nakitang pang-uuyam sa mga iyon. She was not sure kung iyon din ang nakita niya noong una silang mag-usap. Could it be… tenderness?

"Shall we go?" narinig niyang tanong ni Edzel. "Malayo ba ang sa inyo? Kailangan ko bang dalhin ang kotse ko?"

Iling lamang ang isinagot ng dalaga. Tumayo ito at pinadaan siya. Kumaway ito kay Lorenzo bago sila lumabas ng café.

*Teka, pumayag na ba akong magpahatid?* hirit ng utak niya.

"I hope you don't mind?"

"Ayos lang," tugon niya, nagtataka sa sarili. She was supposed to be angry with him.

"You know, iyan pa lang ang sinabi mo sa akin simula nang lumapit ako sa booth ninyo kanina," puna nito. He was watching her that intently?

"Ano nga pala iyong sasabihin mo?" tanong ni Guia nang itinuro sa binata ang gate na dadaanan patungo sa subdivision nila.

"I wanted to apologize," tapat na sagot nito.

Parang hindi naniniwala na bumaling siya rito

and Edzel saw the doubt in her eyes. "Totoo?"

"Honestly."

"Okay na. Salamat. Tama ka naman, eh. Nagpapakagaga ako," napapahiyang amin niya.

Pinigilan nito ang paghakbang niya. He touched her arm and she flinched. "I'm really sorry, Guia. Hindi ko sinasadyang saktan ka nang ganoon. I didn't realize how young and impressionable you still are."

Ganoon lang ba kababaw ang nararamdaman niya? Pagkatapos ng insidenteng iyon ay parang hindi na siya makangiti. Wala nang dating sa kanya kahit ang pinaka-charming na atensyon galing kay Lorenzo. Kahit pa sabihin nitong siya ang pinaka-loyal na customer ng café at puwede na itong magsara kapag nakita na siya. Hindi na siya masaya.

"Say something, please," sabi ni Edzel.

"Something," sabi niya. She beamed up at him.

"Napanood ko na 'to," natawang sabi nito. "Really, Guia. Alam mo sigurong hindi ko talaga linya ang mag-apologize at halos paluhurin mo ako sa ginawa ko," dagdag nito.

"Sinabi ko bang lumuhod ka?"

“Ah, at ang pagtataray mo ang mapapala ko pagkatapos kong mag-sorry?”

“Hindi yata bukal sa loob mo, eh, bakit mo ginawa?” angil niya. Pero nagbibiruan na sila ngayon, alam niya.

Napailing ang binata. “You’re different. Wala pa akong nakilalang kagaya mo.” At hindi pa nito ginawa para kanino ang atensyong ibinigay sa kanya. “Please say you accept my apologies. Your feelings are your concern. Wala akong karapatang sabihin sa iyo ang opinyon ko. I guess I just hate wasted emotions… pero to live is to feel, para sa iba. It’s not even an excuse para tratuhin kita nang ganoon. First meeting pa naman natin.” He smiled and Guia was overwhelmed.

“Apology accepted,” sabi niya na gumanti rin ng ngiti.

Itinuloy na nila ang paglalakad pero nakaalalay pa rin ang binata sa siko niya.

“Sige na, iyon na ang bahay namin. I’ll walk from here,” sabi niya. Nasa ilalim sila ng mahabang poste ng ilaw.

“Okay. I wouldn’t want to overstay my welcome,” anito.

Habang naglalakad papasok ng gate ng bahay nila, nakaramdam ng elation si Guia sa consideration na ipinakita ni Edzel. Napakasaya niya.

Naging daan si Edzel para mas lalo pa silang maging magkakaibigan nina Lorenzo. At hindi na rin nagsosolo ang binata kung naroon man sila nina Jade at Laney sa café. Edzel would share their booth. Hanggang sa parang may regular day na dapat silang magkita. Kahit silang dalawa lang.

At nararamdaman niyang matagal na niyang nakalimutan ang infatuation niya kay Lorenzo. Pero si Edzel, iyon pa rin ang paniniwala nito kaya pinababayaan lang niya kung naiisip pa rin nitong may gusto siya sa kaibigan nito. Nakakatulong iyon para hindi siya gaanong napapahiya kapag silang dalawa ang tinutukso ng mga kaibigan.

Minsan, sinundo siya ng binata pagkatapos ng huling klase niya. Kanina pa tapos ang klase nito. They were studying in the same university. Before she knew it, isang taon na silang magkaibigan. Alam na niya ngayon kung bakit familiar sa kanya si Edzel. Schoolmates pala sila at may pagkakataong nakakasalubong niya ito kaya nakita na niya ito bago pa sila ipinakilala ni Lorenzo.

"Uuwi na ba tayo?" tanong nito nang sinalubong

siya nito sa labas ng classroom.

"Bakit? Magdi-date ba tayo?" balik ni Guia.

Napahalakhak ito at nagpapaka-dense pa rin siya.

"Huwag kang magbiro, baka tamaan tayo."

"Magtatanan tayo?" tanong niya na nagbingi-bingihan. Natigilan ito at napatitig sa kanya.

"Guia…" saway nito.

Napatawa ang dalaga. "What's a little joke between friends?" tanong niya.

"He-he," sarkastikong tawa ng binata.

"Actually, may papanoorin pa akong palabas sa film center." Nagsimula na siyang maglakad at sinabayan siya nito.

"Ah, manonood tayo ng sine?" paniniguro nito.

"Sasamahan mo 'ko?"

"Unless gusto mong maghintay ako at lamukin sa labas," was his sour retort.

"Oh, bakit ko naman gugustuhin iyon? Sayang ang pangmayaman mong kutis," malambing na sabi niya.

“Mas takot ako sa dengue,” tugon nito. “Ano pala’ng papanoorin natin?”

“*Laro sa Baga*,” direktang sagot ng dalaga. Naramdaman niya ang biglang pagtigil ni Edzel sa paglalakad.

Nilingon niya ito. “Okay lang, huwag mo na akong samahan. Baka may gagawin ka pa, eh,” taboy niya, pero ang totoo, naalangan siya. Premiere ng palabas sa university at title pa lang ay hindi niya na alam what to expect.

“Kailan ba due ang reaction paper niyan?” sa halip ay tanong nito.

Umaakyat na sila noon ng hagdanan ng sinehan.

“Next week. Kung puwede ngang mag-rent na lang at sa bahay ko na panoorin. Pero imperative, may attendance.”

At hindi nga siya nagkamali, mismong instructor pa niya ang nagpapirma ng attendance sheet nang makita siya pagpasok niya sa film center.

“Okay lang talaga ako, Edzel. Hindi naman siguro ako masyadong gagabihin,” sabi niya.

“Wala nang masyadong sasakyan paglabas mo rito, Guia. Baka ma-rape ka pa sa pag-uwi mo. Mas

mabuting isama mo na ako," anito na napansin ang mapaklang ekspresyon niya. "Besides, I need to screen what you watch."

Hindi makapagsalita si Guia pagkalabas ng film center. All throughout the film ay hindi siya makatingin kay Edzel. There were explicit parts na ayaw na muna niyang isipin. Yikes! Ano ba naman iyon? Hindi siya aware may ganoong eksena siyang mapapanood. Ano kaya ang iniisip ni…

"Edzel?" tanong niya nang buhayin ng binata ang makina ng sasakyan nito.

"Bakit?" balik nito na bale-walang nilingon siya. Lihim siyang napangiwi. Guys are so… insensitive.

"Tungkol sa—"

"Huwag mo akong tanungin," mabilis na sagot nito, parang nahuhulaang tungkol sa palabas ang sasabihin niya.

Inisip niyang mas familiar ito sa mga ganoong bagay dahil lalaki ito. Besides, it was no big deal!

"I was asleep throughout the film," sabi nito.

Nakahinga nang maluwag si Guia. Sumandal siya nang prente sa upuan. Buti naman at wala itong nakita sa mga X-rated na scenes na napanood niya.

"Hindi mo nakita na natutulog ako dahil titig na titig ka sa screen," nakangiting sabi nito mayamaya.

Ngingiti na rin sana siya at maniniwala na natutulog talaga ang lalaki sa buong panahon ng palabas nang tumatak sa isip niya ang sinabi nito. Paano nito makikitang nanonood siya kung natutulog ito? At hindi kaya siya titig na titig… *The beast!*

"Walanghiya ka, Edzel!" Hinampas niya ito ng stuffed toy na kinuha niya mula sa backseat ng kotse. "Ano'ng iniisip mo, ha?" sita niya.

"Guia, 'pag nabangga tayo…" babala nito.

---

Pagdating nila sa tapat ng bahay ng mga Lopez, nakaabang na ang ama ni Guia sa gate.

"We're in for a storm," biro ni Edzel nang i-park ang kotse. Inirapan niya ito.

Sabay na lumabas ng sasakyan ang magkaibigan.

"Guia, anong oras na?" tanong ni Atty. Lopez na masama ang tingin sa kasama niya.

"Uhm… eleven o'clock?" Pasimple siyang tumingin sa relo; 11:17 pm. "Dad, nanood kasi kami ng film sa university. Requirement iyon sa subject

namin. Gahol na ako galing sa huling klase ko kaya hindi na ako nakatawag. Sinundo ako ni Edzel kaya nagpasama na rin ako sa kanya."

All throughout the grilling period ay nakatayo lang sa likuran niya ang binata. *Masokista talaga*, naisip ng dalaga. *Hindi man lang niya naisip na puwede siyang tagain ng tatay ko.*

At di katulad ng ibang nagpapalipad-hangin na di makadalaw sa bahay nila, parang walang takot si Edzel sa kanyang ama. Bagay na hindi gusto ni Atty. Lopez. Kunsabagay, wala kasing 'intensyon' ang binata. Sa totoo lang, kung respeto rin lang, walang maipipintas ang abogado kay Edzel. Mainit lamang talaga ang dugo nito sa huli.

"Good evening, Sir," sabi pa ng kaibigan.

Napansin niyang parang nagpipigil ang daddy niya. Kumukulo yata talaga ang dugo nito sa kanyang kaibigan. Tuwing nasa bahay nila ang binata ay parang gusto itong interview-hin ng matandang abogado. Kahit papaano, nag-a-apologize ang tingin niya nang lingunin niya ito. Hindi man aminin ni Atty. Lopez, bilib ito sa opinyon ng Law student.

"Pasok na, Guia," utos ng ama. Sumunod ang dalaga.

"Good night, sweetheart," sabi ni Edzel na ikinalingon nilang mag-ama.

Hindi alam ni Guia kung maaasar sa kaibigan sa pananadya nito o matatawa sa hitsura ng daddy niya. Kumindat pa ang binata bago binuksan ang pinto ng kotse nito. Matalim ang tingin na ipinukol ni Atty. Lopez sa kanya.

*Magtutuos tayo bukas*, bantang tingin niya sa kaibigan na tila nabasa nito. Ngumiti pa ang kumag. Namumula na ang daddy niya sa galit.

Buti na lang at sigurado siyang wala itong sakit sa puso.

"Ano ba talaga ang relasyon n'yo?" tanong nito pagpasok na pagpasok niya sa loob ng bahay.

*Wala bang ibang tanong?* gusto niyang sabihin. "Daddy! Magkaibigan lang kami…May girlfriend kaya iyon…"

"Hindi ko siya gusto!"

*Kaya nga gustong-gusto ka niyang inaasar, eh,* nais niyang isagot.

Kokomprontahin niya si Edzel one of these days.

"Matutulog na ako, Daddy. Good night."

Para na namang may light bulb na sumindi sa utak ng daddy niya. "Tell him na ayokong tinatawag ka niyang 'sweetheart,'" utos nito.

"I will, Dad, bukas na bukas din. Naunahan mo lang ako," sabi niya na nangingiti. Last time, Edzel called her 'honey' at ayaw rin ni Atty. Lopez. Ganoon din ang opinion nito sa lahat ng endearments ng binata.

"Good. At, Guia—"

"Dad, tama na iyan," saway ni Mrs. Lopez buhat sa itaas ng hagdanan.

Humalik ang dalaga sa ina nang makalapit siya rito.

"Nagpaalam sa akin si Guia kaninang umaga, nakalimutan ko lang sabihin sa 'yo," sabi nito sa asawa.

Napatingin siya sa kisame. Hay, ipinagtanggol na naman si Edzel.

Minsan iniisip ni Guia, gusto nang patirahin ng mommy niya sa kanilang bahay ang binata. Alam kasi nito ang background ni Edzel, minsang nagkaroon ang mga ito ng heart-to-heart talk tungkol sa 'relasyon' nila ng binata. Naipikit niya nang mariin ang mga

mata, nalungkot nang bahagya para sa kaibigan. Pumasok na siya sa kuwarto.

"Ano'ng pinanood ninyo?" narinig niyang sigaw ng ama buhat sa ibaba ng hagdanan bago niya naisara ang pinto.

*Hah! Sana paggising ko bukas, hindi na abogado si Daddy at naubos na ang arguments niya.* Huwag na sana nitong maalalang itanong kung ano ang pinanood nila ni Edzel.

Kinabukasan paggising niya, may iniabot sa kanya si Mrs. Lopez. Isa iyong bagong modelo ng cellphone. Hindi naman niya talaga kailangan iyon. May nagagamit pa siyang cellphone, madali na nga lang maubos ang battery.

"Huwag mo raw io-off, sabi ng daddy mo," nangingiting sabi nito.

"Hindi ko alam kung papatayin ko si Edzel dahil sa eksena kagabi o hahalikan ko siya dahil may bagong cellphone na ako ngayon!" sabi niya.

Marahil ay nakita nito mula sa bintana ng master's bedroom ang pagdating nila ni Edzel.

"Do both," payo ng ina. "Patayin mo siya sa halik!"

"Good idea!" Just the thought of Guia kissing him would surely give Edzel the chills. Nagtawanan ang mag-ina.

Noon sumungaw sa kitchen si Kent. "Ate, itawag mo raw kay Daddy iyong title ng pinanood ninyo kagabi," walang muwang na sabi nito.

Napailing na lamang si Guia sa mga alaalang iyon.

# 4

Present time...

"Hindi ba late ka na?" puna ni Atty. Lopez nang maabutan sa breakfast table ang panganay na anak.

"Ayos lang, si Edzel naman ang boss ko, eh," sagot ni Guia.

"Masyado ka yatang binibigyan ng special treatment. Baka may kapalit na iyan?" tanong nito na humigop ng kape.

"Si Daddy talaga... Hindi naman ako madalas ma-late."

"Kumusta na sila noong girlfriend niya?"

"Break na 'ata? Di ko na nakikita 'yung babae, eh," bale-walang sagot niya. Totoong naghiwalay na sina Edzel at Geraldine. Nabanggit iyon ng kaibigan nang kumustahin niya ang babae. Hindi siya nag-usisa kung bakit.

"Guia, iyan ba talagang si Edzel—"

Walang anu-ano ay may narinig silang busina sa labas ng bahay.

"'Bye, Dad! 'Bye, Ma!" Tumayo na siya mula sa silya at hinalikan ang mga magulang bago siya lumabas ng komedor.

Madalas ay sinusundo siya ni Edzel sa bahay. Sa bahay nila kumakain ng agahan ang lalaki kapag iniimbitahan niya ito. O kaya naman ay dinner kapag magkasabay silang umuuwi. Pero bihira iyon. Natatawa lang siya sa ama dahil parang colleagues na nagdidiskusyon ito at ang binata kung minsan.

Hindi opinionated si Edzel, at nakikita niyang pabor sa daddy niya ang mga hirit nito. Matalino ang binata at alam niyang gusto iyon ng ama.

Minsan, naiisip niyang gusto talaga nito si Edzel para sa kanya at ayaw lang tanggapin ang nararamdaman nito. Sorry na lang, dahil hindi talaga sila magnobyo.

Maraming trabaho nang umagang iyon at hindi pa nakakatayo si Guia sa upuan buhat nang pasimulan niya ang patung-patong na case files na nasa desk niya.

"Excuse me." Tinig iyon ni Atty. Ramirez. "I'd like to introduce someone who'll work with us from now on," saad nito.

Magalang na lumapit sa kinatatayuan ng abogado

ang isang lalaki na tingin ni Guia ay hindi nalalayo ang agwat ng edad sa kanya. Kumislap ang mga mata niya. The man in front of her was boyishly handsome and very fair. Baka maputi lang siya nang kaunti rito.

"This is Guia, secretary siya ni Atty. Dela Vega," pagpapatuloy ng matandang abogado.

Matamis ang ngiti na nag-hi siya rito, hindi namamalayang nakalapit na sa tabi niya si Edzel at nauna pang nakipagkamay sa lalaki.

"I'm Edzel Dela Vega. Welcome to the firm," saad ng katabi.

"Dean Melendrez," sagot ng kaharap.

*Ang ganda ng boses, very refined*, naisip ni Guia na bahagyang kinilig at pinigilan ang sobrang mapangiti. Nang tumingin siya kay Dean ay titig na titig ito sa kanya.

Tumikhim si Atty. Ramirez. "Baka matunaw si Guia sa titig mo, Dean," anito na ikinabasag ng katahimikan.

"I'm sorry," sagot ni Dean. "Napakaganda niya kasi."

Nakita ni Edzel na namula ang dalaga, halatang di makapaniwala at gusto nitong mailing. *Kailan*

*ko nga ba huling sinabi kay Guia na maganda siya?* tanong ng lalaki sa sarili.

“Baka magselos si Atty. Dela Vega niyan,” biro ni Atty. Ramirez na tila ipinamutla ng bagong empleyado.

“Si Attorney talaga,” nakalabing sabi ni Guia na gustong saklolohan ang nabiglang si Dean. Walang anumang komento mula kay Edzel na bahagya niyang ikinainis. Minsan, iniisip niyang espiya ng kanyang ama ang lalaking ito at façade lang ang silent war ng mga ito. Kung sa daddy niya ay may nakakalusot, kay Edzel ay wala yatang uubra.

“Researcher natin si Dean and since magaling ang kamay niya sa drawing at mahusay siya sa computer applications, he’ll also be working sa design requirements ng Patents and Trademarks section kung kailangan,” paliwanag ni Atty. Ramirez.

“Good!” palatak ni Edzel. Alam ni Guia na kapag hindi kinakaya ng sadyang tao ang load ng trabahong iyon ay ang binata ang tumatapos niyon.

Nakapasok na sa magkakahiwalay na opisina ng mga ito sina Dean at Atty. Ramirez ay nakangisi pa rin si Edzel.

*Parang luko-luko*, asar na naisip niya. “What is

so funny?"

"Wala," nakakapikong sagot ng binata.

"Edzel…" warning ng dalaga na tila nakalimutang boss niya ito nang mga oras na iyon.

"You knocked him for six," sabi nito. "Akala niya siguro anghel kang bumaba galing sa langit. Kung alam lang niya…." Ibinitin nito ang sasabihin.

"Watch till I knock you out," banta niya.

"May pakiramdam akong matagal mo nang ginagawa iyon," sabi nito na parang naasar sa inamin at nagpatuloy na sa ginagawa.

---

Normal nang kasabay ni Guia na pumapasok sa trabaho si Edzel dahil dumadaan ito sa bahay nila kung wala rin lang itong maagang appointment. At parang sinasadya na tuwing magkakaroon ng pagkakataon na magkita sila ni Dean ay naroon din ang kaibigan. Kagaya ngayon.

"Good morning," bati ng researcher na sa kanya nakatingin. Halatang galing ito sa pantry. Nakita niyang in-acknowledge nito si Edzel.

"Hi," tipid na balik niya. Nilingon niya ang binata

at ngumiti ito nang ubod ng tamis sa kanya, gaya ng ginagawa nito kapag nasa eksena ang daddy niya.

She wordlessly excused herself from Dean at sumunod na kay Edzel nang pumasok ito sa silid nila.

Sa kalagitnaan ng pag-e-encode sa computer ay sumandal ang dalaga sa upuan at biglang nagsalita. “Edzel?” Nasa bandang kanan niya ang mesa ng binata. Ayaw nitong magpatawag ng ‘Boss’ kapag silang dalawa lamang.

“Hmm?” Mukhang di ito maaabala sa pagsusulat nito.

“Binata pa ba si Dean?” out of the blue ay naitanong niya.

There was a bubble of laughter from Edzel at inis na bumaling si Guia rito. Sumandal ang lalaki sa upuan at ibinaba ang ballpen na hawak nito sa mesa.

“Ano’ng nakakatawa sa sinabi ko?” sita niya.

“Ang lakas ng loob mong makipagngitian at makipagpalitan ng pleasantries, di ka naman pala sigurado kung libre iyong tao,” sagot nito na inihagis sa unahang bahagi ng mesa ang hawak na case folder.

“Tinatanong ko ba ang opinyon mo?” asar na sabi niya.

"Not my opinion, lady. May gusto kang siguraduhin kanina lang."

Hay, nakalimutan na naman niyang abogado ito at madali nitong i-note ang mga ganoong bagay.

"Well?" untag niya.

"Free as the wind," sagot ni Edzel na muling kinuha ang ballpen at ipinagpatuloy ang pagsusulat sa pad paper nito.

"Talaga?" Tuluyan na siyang humarap dito.

"May binabalak ka?" Nag-angat ito ng tingin mula sa ginagawa.

Nagkibit-balikat lang si Guia at masiglang ibinalik ang atensyon sa tinatrabaho. Itinutok niya ang mga mata sa computer monitor, kunwa'y di nararamdaman ang titig ni Edzel.

"Mag-uusap nga kami ng Dean na iyan…" sabi nito na tila sadyang ipinaparinig sa kanya.

"Subukan mo lang!" aniya na nahuli ang ngiti nito bago isinubsob ng binata ang sarili sa ginagawa.